

Tingnan ang inyong bagong pagpipiliang mga seguro!

Kung kayo ay may segurong pangkalusugan:

Karamihan sa mga plano sa seguro ngayon ay nagbabayad para sa mga pagsusuri para sa kanser sa suso, cervix, at colon. Tawagan ang inyong plano upang itanong kung ang mga pagsusuring ito ay sakop.

Kung wala kayong segurong pangkalusugan o kung hindi ninyo makaya ang taglay ninyo ngayon, kayo ay may dalawang pagpipilian ngayon:

- **Magpatala sa Washington Apple Health.**

Itong pinalawak na programang Medicaid ay libre at ngayon ay sumasakop sa mas maraming tao.

- **Bumili ng isang Kuwalipikadong Segurong Pangkalusugan.**

Kung hindi kayo karapat-dapat para sa Washington Apple Health, maaari pa rin kayong maging kuwalipikado para sa murang planong pangkalusugan.



Magpatala para sa mga bagong pagpipiliang ito!

Bisitahin ang: <http://wahealthplanfinder.org>

Tumawag sa: 1-855-923-4633

TTY/TDD: 1-855-627-9604

Ang tulong ay makukuha sa 175 wika.

Ang pagsusuri para sa kanser ay nakakapagligtas ng mga buhay!

- Habang tumatanda kayo, nagiging mas malaki ang panganib ng pagkakaroon ng kanser sa suso, cervix, at colon.
- Kung ang kanser ay matuklasan nang maaga, madalas na mas madaling gamutin at ang paggamot ay mas matagumpay.
- Ang pinakamahasag na paraan upang mahanap ang kanser nang maaga ay sa pamamagitan ng pangkaraniwang pagsusuri. Madalas na walang mga tandang nagbibigay ng babala.



Programang Pangkalusugan sa Suso, Cervix at Colon

Office of Healthy Communities


Washington State Department of Health
Point Plaza East, 310 Israel Road S.E.
PO Box 47888, Olympia, WA 98504-7880

www.doh.wa.gov/bcchp
1-888-438-2247



susan g. komen. Eastern Washington
Oregon and SW Washington
Puget Sound

Para sa mga taong may kapansanan, ang dokumentong ito ay makukuha kung hihilingin sa ibang mga anyo. Upang magsumite ng kahilingan, tumawag po lamang sa 1-800-525-0127 (TDD/TTY 711).



Ang Programang Pangkalusugan sa Suso, Cervix at Colon Nagkakaloob ng pagsusuri ng suso, cervix, at colon sa mga karapat-dapat na babae at lalaki



Alamin ang tungkol sa mga bagong pagpipilian para masuri!

Magpatala para sa segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Washington Healthplanfinder.

Tingnan ang nasa loob para sa mga detalye.



Ang Programang Pangkalusugan sa Suso, Cervix at Colon ay nagkakaloob ng libreng pagsusuri para sa karapat-dapat na mga lalaki at mga babae.

Ang programang ito ay naglilingkod sa mga taong:

- Walang segurong pangkalusugan.
- Maliit ang kita.
- Nakakatugon sa mga patnubay tungkol sa edad.

Sa mga serbisyo ay kabilang ang:

- Mga pagsusuri para sa kanser sa suso (mga pag-iksamen at mammogram sa suso) para sa mga babae.
- Mga pagsusuri para sa kanser sa cervix (mga pagsusuring Pap) para sa mga babae.
- Mga pagsusuri para sa colon (gamit ang simpleng naiuuwing mga kit) para sa mga lalaki at babae.
- Mga pansubaybay na pagsusuri upang malaman kung ang paggamot ay kailangan.
- Tulong sa paghahanap ng mga tagatulong para sa paggamot.

Kung hindi ka karapat-dapat para sa Washington Apple Health at walang seguro, maaari ka pa ring maging karapat-dapat para sa libreng mga pagsusuri para sa kanser.

Tawagan ang Programang Pangkalusugan sa Suso, Cervix at Colon!

Hanapin ang county kung saan ka naninirahan at tawagan ang numero ng telepono na nakalista sa ilalim nito.

Island, Pierce, San Juan, Skagit, Snohomish, Whatcom

Citrine Health: 1-888-651-8931

Clark, Cowlitz, Grays Harbor, Lewis, Mason, Pacific, Skamania, Thurston, Wahkiakum

**PeaceHealth Southwest Medical Center:
1-800-992-1817**

Clallam, Jefferson, King, Kitsap

Pamublikong Kalusugan – Seattle at King County: 1-800-756-5437

Adams, Asotin, Ferry, Garfield, Lincoln, Pend Oreille, Spokane, Stevens, Whitman

Panrehiyong Distritong Pangkalusugan ng Spokane: 1-888-461-8876

Chelan, Douglas, Grant, Okanogan

Confluence Health: 1-888-551-3994

Benton, Columbia, Franklin, Kittitas, Klickitat, Walla Walla, Yakima

**Distritong Pangkalusugan ng Yakima:
1-800-535-5016**

Mahahalagang tagapagpagunita!

Kausapin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung kailan at gaano kadalas dapat sumailalim sa mga pagsusuri para sa kanser.*

Mga edad 9–26

Ang mga batang lalaki at babae ay makakakuha ng bakunang HPV upang pigilan ang kanser sa cervix at iba pang mga kanser.

Edad 21

Ang pagsusuri para sa kanser sa cervix ay inirerekomenda para sa mga babae. Ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga ay maaari ring gumawa ng pag-iksamen sa iyong mga suso sa mga pagbisitang ito.

Edad 40

Ang pagsusuri para sa kanser sa suso ay inirerekomenda para sa mga babae. Kausapin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga tungkol sa kung kailan dapat magsimulang sumailalim sa regular na mga mammogram.

Edad 50

Ang pagsusuri para sa kanser sa colon ay inirerekomenda para sa mga lalaki at mga babae. Itanong sa iyong tagapagkaloob ng pangangalaga kung aling uri ng pagsusuri ang tama para sa iyo.

** Kung mayroon sa inyong pamilya na nagkaroon ng kanser sa suso o colon, kausapin ang inyong tagapagkaloob ng pangangalaga tungkol sa pagsisimula ng pagsusuri nang mas maaga.*

